

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ipinagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang National Public Works Week hanggang Mayo 22**

BRAMPTON, ON (Mayo 17, 2021) – Sa araw na ito, inuumpisahan ng Lungsod ang pagdidiriwang nito sa National Public Works Week (NPWW) sa Brampton para kilalanin at pahalagahan ang mga lalaki at babae na nakaambag sa pagpapanatili sa komunidad na ligtas, malinis at gumagalaw bawat araw.

Halos 700 empleyado ng Lungsod ng Brampton ay bahagi ng Public Works at Engineering team, na nagbibigay ng kritikal at napakahalagang trabaho sa mga frontline kabilang ang konstraksyon at maintenance para mapanatili ang mga bangketa, mga daan at mga tulay na ligtas para sa napakahalagang biyahe, signal at pangangasiwa sa ilaw ng kalye, paglilinis sa spring, pagtanggal ng niyebe, paglilinis ng catch basin, pagwawalis ng kalye at mas marami pa.

Bago ang COVID-19, ipinagdiriwang ng Lungsod ng Brampton ang NPWW sa pamamagitan ng pagbuo ng kamalayan sa kung paano nakakaapektong serbisyo ng public works sa komunidad araw-araw, na may mga aktibidad na idinaos sa buong linggo. Kahit na walang personal na mga event sa taon na ito, mayroong NPWW [colouring sheet para sa mga bata](#) na maaaring kulayan, kunan ng litrato at i-post sa social media. Mas matututo ang mga residente tungkol sa mga taong nasa Public Works Department ng Brampton sa pamamagitan ng panonood ng mga video ng staff sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram](#) sa buong linggo o bisitahin ang [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca) para sa mas maraming impormasyon.

### **Mga Quote**

“Ang National Public Works Week ay isang pagkakataon para bigyang kaalaman ang publiko sa papel na ginagampanan ng public works sa ating araw-araw na buhay. Mula sa pagpaplano, sa pagtayo, pangangasiwa at pagmintina – ang ating mga propesyonal sa public works ay sumusuporta sa mahalagang mga operation na nasa sentro ng ating Luntian, at Nakakalusog at Ligtas na komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang tema ng taon na ito ay Mas Malakas kung Magsama-sama. Sa loob ng nakalipas na taon, ang ating Public Works team ay nagpakita ng pagkamadaling nakakabangon; umangkop sila sa pagbabago at ginawa ang higit pa at lampas pa para mapanatili ang antas ng serbisyo para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works at Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga propesyonal sa public works ay sumusuporta at nagmimintina sa kritikal na imprastruktura, mga pasilidad at mga serbisyo na mahalaga sa sustenable at madaling nakakabangon na mga komunidad, public health, at mataas na kalidad ng buhay at kabutihan ng mga residente ng Brampton. Sa linggong ito at bawat linggo, kinikilala natin at pinapasalamatang ating team na umaambag para magawa ang Brampton na Nakakalusog at Ligtas na Komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*



## Media Release

**Bilang isa sa napakabilis na lumataking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)